## Part 6: Ang Tungkol Sa Economiya

### 6.1 STEWARDSHIP

Ang economiya ay agham na nagsisiyasat ng mga kalagayan at batas na tumutukoy sa paggawa, pagkonsumo, pamamahagi, at pagpapalitan ng mga productong kinakailangan at ginugusto ng mga tao.

Ang salitang economiya ay mula sa salitang Greco, “oikonomia” na nangangahulugang bahay (oikos) at alituntunin (nomia) sa isang sambahayan pagdating sa production, distribution, trade and consumption ng basic needs of life (food, clothing and shelter).

Nagsisimula ang cycle ng economics sa production, at ito ay mayroong tatlong bagay na kinakailangan: land, labor at capital.

**TIME OUT**

1. Ano ang ibig-sabihin ng Economiya?

   ________________________________________

   ________________________________________

2. Anong Grecong salita ang pinagmulan ng salitang economiya? At anong kahulugan nito?

   ________________________________________

**PAG-ISIPAN:**

| | |
|---|---|
| Ang aking alam | Ang ibig sabihin ng good steward ay: |
| | Ako ay magiging good steward sa pamamagitan ng: |

**PAG-ARALAN:**

Basahin ang maikling kwento at sagutin ang mga tanong.




Genesis 1:26-31
Matapos likhain ng Diyos ang langit, lupa, mga halaman at hayop. Pagkatapos, sinabi ng Diyos: "Ngayon, likhain natin ang tao ayon sa ating larawan, ayon sa ating wangis. Sila ang mamamahala sa mga isda, sa mga ibon sa himpapawid at sa lahat ng hayop, maging maamo o mailap, Malaki o maliit. Nilalang nga ng Diyos ang tao ayon sa kanyang larawan. Sila'y kanyang nilalang na isang lalaki at isang babae, at sila'y pinagpala niya. Sinabi niya, "Magpapakarami kayo at punuin ninyo ng inyong mga anak ang buong daigdig, at kayo ang mamahala nito. Binibigyan Ko kayo ng kapangyarihan sa mga isda sa tubig, sa mga ibon sa himpapawid, at sa lahat ng mga hayop na nasa ibabaw ng lupa. Ibinibigay Ko rin sa inyo ang lahat ng uri ng halamang nagkakabinhi at mga bungangkahoy bilang pagkain ninyo. Ang lahat ng halamang luntian ay ibinibigay Ko naman sa lahat ng hayop sa ibabaw ng lupa at sa lahat ng mga ibon. At ito nga ang nangyari. Pinagmasdan ng Diyos ang lahat Niyang ginawa, at lubos Siyang nasiyahan. Lumipas ang gabi, at sumapit ang umaga-iyon ang ikaanim na araw.

Genesis 2:1:4
Nilikha nga ng Diyos ang langit at ang lupa at ang lahat ng bagay na naroon. Tinapos Niyang likhain ang lahat ng ito sa loob ng anim na araw, at Siya'y nagpahinga sa ikapitong araw. Pinagpala Niya ang ikapitong araw at itinuring itong banal, sapagkat sa araw na ito, Siya nagpahinga matapos likhain ang lahat. Ganito ang pagkalikha sa langit at sa lupa.

- Sino ang kalarawan ng tao?

  ___________________________________________

- Anong gawain ang ibinigay ng Diyos sa tao?

  ___________________________________________

  ___________________________________________

- Ilang araw tinapos ng Diyos ang paglilikha?

  ___________________________________________

- Anong ginawa ng Diyos sa ikapitong araw?

  ___________________________________________

**PAG-USAPAN:**

Sa creation account, sa ikatlong araw nilikha ng Diyos ang lupa kung saan maglalaguan ang mga halaman at mga punong prutas na ang bunga ay may buto para sa kanilang pagpaparami.

Subalit bago magkaroon ng plant life ang mga lupain, kinakailangan muna ang ulan, hamog at tao na magbubungkal ng lupa. Sa ika-anim na araw, nilikha ng Diyos ang tao na inatasan Niyang lupigin ang lupa; ibig sabihin, sa lupa manggagaling ang kakainin ng mga tao at hayop na mananahan sa buong mundo. So, at this point, meron ng land and labor.



Ang kakailanganing capital o resources naman ng tao ay nakapaloob sa kanyang pagkakalikha. Siya ay nilikha ayon sa wangis ng Diyos, -- taglay niya ang karunungan, pakiramdam at kakayahang magpasiya.

So, ang economic design para sa isang masaganang buhay para sa tao ay ito: Pupunlain at itatanim ng tao ang buto ng mga prutas at gulay na kanilang kakainin para maparami ang mga ito. Habang dumarami ang mga tao sa mundo mapaparami naman nila ang kakailanganin nilang pagkain; at makikita natin dito ang posibilidad ng distribution and trading, depende sa dami at uri ng production ng buong lipunan.

Subalit, huwag nating kakalimutan ang pang-apat na bagay patungkol sa productivity at iyan ang pamamahinga. Sa ika-pitong araw, huminto ang Panginoong Diyos sa creation at Siya ay namahinga. Utos ng Diyos na tayo rin ay kinakailangang mamahinga sa ika-pitong araw ng linggo. Samakatuwid, sa loob ng pitong araw sa isang linggo, anim na araw ang pagtatrabaho o paglilingkod sa Diyos at isang araw ang pamamahinga o pag-aalay ng pagsamba sa Diyos.

Sa first two chapters pa lamang ng Genesis, makikita at mauunawaan ang desenyo ng Diyos para sa buhay ng tao. Una, sinabi ng Diyos na maging mabunga ang tao, magparami at punuin ang mundo. Kaya, sinabi rin Niya na iiwan ng lalaki ang kanyang magulang upang maki-isa sa kanyang asawang babae. Ang marriage ay idea ng Diyos.

Ikalawa, ginawa ng Diyos ang lupa na hungkag (void) o unformed. Kalooban Niya na ang tao ang magbibigay ng porma sa lupa. *Subdue the earth*, ang sabi Niya. Ang *work* o trabaho ay idea din ng Diyos.

Ikatlo, sa ika-pitong araw ng linggo, ang tao ay nararapat magpahinga upang makapagbigay kasiyahan sa Diyos sa pamamagitan ng pagsamba at pag-enjoy ng blessings mula sa Kanya.

Si Jenny ay labindalawang taong gulang. Isa siyang mabuting estudyante. Habang si Jenny ay nakikinig sa kanyang guro sa Araling Panlipunan napag-alaman niya na ang Economiya ay hindi lamang tungkol sa pagtatrabaho kundi ito din ay tungkol sa pangangasiwa ng time, talent and resources. Kaya naisip ni Jenny na dapat pangasiwaan niya ng mabuti ang kanyang time, talent and resources. Si Jenny ay may green thumb kaya siya ay magaling sa pag-aalaga ng mga pananim. Kaya naman, ginugol niya ang kanyang extra time sa pagtatanim, pagtulong sa kanilang tahanan at iba pang bagay na hindi masasayang ang kanyang oras.

Sa iyong palagay, ano ang magiging benefits ng ginagawa ngayon ni Jenny sa kanya at sa ibang tao?

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________



Sa ating paglalakbay-buhay, ating tandaan na maging maingat tayo sa ating pangangasiwa ng ating time, talent and treasure kung saan tayo ay expected to be good stewards.

Ang tao ay kinakailangan maging mahusay na steward ng mga handog ng Diyos sa kanya.

**PAG-BULAYBULAYAN:**

1. Paano mo ginagamit ang iyong:

   Time ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   Talent______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   Treasure/Resouces______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

| | | |
|---|---|---|
| Natutuhan ko na | Ang ibig sabihin ng good steward ay: |
| | Kinakailangan kong maging good steward dahil: |

**Verse of the Day:**

Dapat ninyong kilalanin na kami'y mga lingkod ni Cristo at katiwala ng mga hiwaga ng Diyos. Ang katiwala'y kailangang maging tapat sa kanyang panginoon. *1 Corinto 4:1-2*